Hindi maintindihan ni Cadet Firstclass Joseph Herrera kung bakit dumadalo pa siya sa mga Hop ng academy gayong lagi naman siyang mamatay-matay sa boredom tuwing naroon. Nagbibihis siya ng formal dress grays para lang maupo sa isang sulok at manood ng mga nagsasayaw niyang mga mistah. Ni minsan kasi hindi siya nagdala ng date sa mga Hop. Wala siyang hilig sa pagsayaw at wala rin siyang panahon para lumabas ng *PMA* at makipagkilala sa isang babae para lamang may maka-date.

At kung hindi rin lang dahil sa kanyang kakambal na si John, hindi na talaga siya dadalo. Kung hindi lang siya makukulitan dito, magtatago na lang siya sa loob ng barracks at mag-aaral.

Iyon ang pagkakaiba nilang magkapatid. Iisa lamang ang kanilang mukha, pero hindi sila mahirap ma-distinguish sa isa't isa. Siya iyong supladong introvert na kadalasan ay nakakunot-noo; si John iyong social butterfly na laging nakangiti. Siya iyong bata pa lang, alam na niyang magiging heneral siya sa *Philippine Army* tulad ng lahat ng lalaki sa kanilang pamilya; si John iyong ayaw magsundalo, pero pumasok ng *PMA* dahil iyon ang utos ng kanilang ama na si Major General Jose Alfonso Herrera.

Bumuntong-hininga siya at sinulyapan ang orasan sa may pintuan ng hall kung saan ginaganap ang kasiyahan. Mahigit isang oras na siyang naroon. Siguro ay tama na ang nasayang niyang panahon. Nagsimula siyang tumayo para bumalik sa barracks, pero nalapitan na siya ng kakambal.

"Tatakas ka na naman!" sita ni John. Itinulak pa nito pababa

ang kanyang balikat kaya wala siyang nagawa kundi ang muling maupo.

"Tama na siguro iyong isang oras akong nagmukmok dito," napapalatak niyang saad.

"Kung kinausap mo ba kasi si Mia, di hindi ka nakaburo dito sa sulok."

"At ano'ng sasabihin ko sa kanya?"

Parang nilamukos ang mukha ni John. "Alam mo, nakakalungkot na mas may alam ka pang sabihin sa mga rebelde kaysa sa isang magandang babae."

"Mas interesado ako sa rebelde," sagot ni Joe at humagalpak ng tawa ang kakambal. "Nasaan na 'yong mga ka-date mo?" untag niya nang mapansing wala pang balak si John na iwan siya. Dalawang babae ang in-escort-an nito nang magsimula ang Hop ngunit wala itong kasama nang lumapit sa kanya para samahan siyang magmukmok.

"Ipinakilala ko kina Ramirez at Joaquin," sabi nito. Inginuso nito ang dalawang kadete na nasa kabilang dulo ng dance floor kung saan kasayaw ng mga ito ang dalawang babaeng kanina lang ay kausap ni John. "Mukha namang nagkakamabutihan na."

Napailing siya. "Alam mo bago tayo magtapos, lahat ng mga mistah natin mabibigyan mo ng girlfriend."

Kadalasan kasi, dala-dalawa o tatlo-tatlo ang dala nitong

mga date sa Hop, pero kung kani-kaninong kaklase nito ipinapasa ang mga iyon.

Pilyong ngiti ang tinugon sa kanya ng kapatid. “Kasalanan ko ba kung alam ko kung kanino bagay ang mga nakikilala ko? Sa ’yo lang naman ako hindi tumatama.”

“Sa dami ng kakilala mo, hindi ka makahanap ng bagay sa ’kin?” sarkastiko niyang tanong.

Pinag-aralan siya nito. “Alam mo, magsing-guwapo naman tayong dalawa. Ngumiti ka lang, marami ring mahuhumaling sa ’yo.”

Kinutusan niya ang kapatid. Tumawa lamang ito at pinalis ang kanyang kamay. Bumaling siya sa dance floor. Inip na inip na siya. Muli siyang napatingin sa orasan pero napako ang kanyang mga mata sa babaeng nakatayo sa tapat ng pintuan.

Parang tumigil ang oras. Bumagal ang pagdaloy ng dugo sa kanyang mga ugat. Saglit na tumigil sa pagtibok ang kanyang puso bago iyon nagsimulang magrigodon. Parang larawan na naka-focus lamang sa babaeng nakatayo sa pinto ang paningin ni Joe at malabong background na ang lahat sa paligid nito.

Maliit ang babae. Siguro ay kaunti lang ang inilampas nito sa limang talampakan. Maputi ito, mestiza na may bilugang mga mata, matangos na ilong at hugis-puso ang mukha. Hindi lang niya masabing maganda ito dahil parang kulang ang salitang ‘maganda’ para ilarawan ang maamo nitong mukha.

Mukha itong engkantada.

"Hoy!" tawag ni John. Kumurap siya at bumalik sa kasalukuyan. "Para kang namatanda d'yan."

Kailangan niyang lumunok nang tatlong beses bago makapagsalita. Ngunit kahit pa, isang di-malinaw na ingay lamang ang lumabas mula sa kanyang bibig.

Marahil sinundan ng kapatid ang kanyang paningin dahil ito man ay napa-"Ah" nang mapansin ang dalagang nasa pintuan.

Nakahawak ang babae sa bisig ng isa pang kadete at nakangiti rito. Kung sana ay sa kanya na lang ito nakangiti. Kung sana ay sa kanya na lang ito.

"Sino 'yong ka-date ni Velasco?" tanong ni John. Gusto niyang sabihing *"Akin 'yan!"* pero malamang ikagugulat iyon ng kakambal.

"Malay ko," suplado niyang sagot bago nag-iwas ng paningin. Pero kilala siya ni John at nakita niyang pinagmamasdan siya nito bago ito tumango at tumayo. "Hoy!" Hinila niya ang manggas ng suot nitong uniporme. "S'an ka pupunta?"

"May nalimutan pala akong ipagawa kay Velasco," sabi ni John. "Importante iyon. Papaalala ko lang sa kanya."

"John, huwag! John!" Pero iniwan siya ng kakambal sa kanyang kinauupuan at wala siyang nagawa kundi panoorin itong lumapit sa kanilang kaklase. Gusto niyang magwala sa selos

nang ipakilala ito ni Velasco sa kasama nitong diyosa. Ngumiti ang babae sa kanyang kapatid.

Sandaling nag-usap ang mga ito bago inakbayan ni John si Velasco. May sinabi itong ikinasimangot ng kadete, pero tumango ito at muling kinausap ang babae.

Tiningnan siya ng kakambal bago tumango sa direksyon ng dalaga. Umiling si Joe pero pinandilatan siya nito bago muling iginalaw ang ulo patungo sa direksyon ng babae bago halos kinaladkad palabas ng silid si Velasco. Ang walanghiya niyang kapatid... hindi niya alam kung kukutusan o hahalikan ito.

Humugot siya nang malalim na hininga bago tumayo. Baka hindi na maulit ang pagkakataong ito. Hindi niya iyon sasayangin.